# Pantay na Pagkakataon na Makapag-aral

Inilalabas ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) o HIDOE ang babasahing ito bilang pagsunod o pagtalima at pagtugon sa mga batas Pederal at ng Estado kontra sa diskriminasyon o pagtatangi, at sa Patakaran ng HIDOE, upang ipaalam sa mga magulang/tagapag-alaga at mga estudyante na ang diskriminasyon kontra sa estudyante dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at/o relihiyon sa mga programang edukasyon, serbisyo, o aktibidad na pinangangasiwaan ng departamento ay ipinagbabawal, ayon sa Patakaran #305-10 ng Hunta ng Edukasyon (Board of Education) o BOE, Kontra-Panliligalig, Kontra-Pananakot, at Kontra Diskriminasyon sa Estudyante o mga Estudyante na ginagawa ng mga Kawani. Bilang karugtong sa nakasaad sa itaas, mahigpit na ipinagbabawal ng patakarang ito ang anumang uri ng panliligalig at/o pananakot dahil sa kalagayan sa buhay at ng ginagalawang lipunan, pisikal na anyo at katangian.

Kung ang estudyante ay naniniwala na siya ay nililigalig, tinatakot, at/o itinatangi ayon sa mga nabanggit sa itaas, siya ay hinihikayat na ipaalam nito agad sa kanyang guro o administrador, o kausapin ang sinumang kawani ng Sangay ng Pagsunod sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Compliance Branch (CRCB) ng HIDOE. Kailangang kasama sa reklamo ang dokumentasyon, pati na ang pangalan ng mga saksi at kung paano at saan sila matatawagan, at iba pang impormasyon na may kaugnayan sa reklamo.

Bilang karagdagan, ang diskriminasyon kontra sa kasariaan ay espesipikong isinasama nito ang diskriminasyon na nababatay sa pinili na kasarian at pagpapahiwatig ng kasarian ng estudyante. Tutuparin ng HIDOE ang Patnubay ng HIDOE sa pagsagot sa mga usapin tungkol, ngunit di nililimita, sa paggamit ng mga pangalan at panghalip, paggamit ng mga pasilidad na ihinihiwalay ang mga babae sa lalaki o ang mga lalaki sa mga babae, at pananamit. Kinikilala ng HIDOE ang kahalagahan ng pagpapahayag ng pinili na kasarian at pagpapahiwatig ng kasarian ng mga estudyante at nauunawan nito na may mga pagkakataon na ang paaralan ay isa sa mga nabibilang na ligtas at tumatangkilik na lugar na kung saan ay maaaring malayang maipahayag ng mga estudyante ang pinili na kasarian. Ang mga estudyante na nangangailangan ng ganoong mga suporta, o ang sinumang estudyante na nababahala sa kanyang pribadong kalagayan, kasama na rito ang mga kahilingan upang mabigyan ng mas maigting na kalayaang mag-isa sa paggamit ng mga kasilya o mga 'locker room' ay kailangang makipag-usap sa administrador ng kanilang paaralan. Maaari ring tawagan ng mga estudyante ang CRCB sa (808) 586-3322 tungkol sa mga kahilingan para sa mga tulong at tungkol sa anumang pagkabahala sa pribadong kalagayan. Maaaring humingi ang mga estudyante ng kopya ng Patnubay mula sa administrador ng kanilang paaralan. Ang Patnubay ay maaari ring makita 'online' sa webpage ng CRCB: http://www.hawaiipublicschools.org/ConnectWithUs/Organization/OfficesAndBranches/Pages/CRCO.aspx

Sa paghahain ng reklamo, maaari ninyong kumpletuhin ang isang pormularyo ng reklamo na makikita sa webpage ng CRCB, kausapin ang prinsipal ng inyong paaralan, ang iyong espesyalista sa pantay na pagtrato sa complex area (complex area equity specialist) o ang CRCB sa (808)586-3322, o sa pamamagitan ng 'relay' o komunikasyon para sa may diperensiya sa pandinig, paningin o pananalita. Ang mga reklamo ay maaari ring maipadala sa pamamagitan ng facsimile sa (808)586-3331, sa info@crco.k12.hi.us, o sa pamamagitan ng U.S. Mail sa P.O. Box 2360, Honolulu, Hawaii 96804.

Ang Departamento ng Edukasyon (Departament of Education) ay buong sigasig na nagbibigay ng pantay na pagkakataon na makapag-aral para sa lahat ng mga estudyante sa Hawaii.

## Makipag-ugnayan Sa

Departamento ng Edukasyon (Department of Education) • Sangay ng Pagsunod sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Compliance Branch) • P.O. Box 2360 • Honolulu, HI 96804 Telepono: (808) 586-3322 o sa pamamagitan ng 'relay' • FAX: (808) 586-3331 • Email: info@crco.k12.hi.us

Beth Schimmelfennig - Direktor • Rhonda Wong – Espesyalista sa Pagsunod (Compliance Specialist)

**Mga Espesyalista sa Pantay na Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Equity Specialists):**

Nicole Isa-Iijima - Title IX • Aaron Oandasan - Title VI • Krysti Sukita - ADA/504

**Mga Espesyalista sa Pantay na Pagtrato sa Complex Area (Complex Area Equity Specialists):**

Sarah Medway - Farrington-Kaiser-Kalani • Kaipo Kaawaloa - Kaimuki-McKinley-Roosevelt • Christina Simpson - Aiea-Moanalua-Radford • Michael Murakami - Leilehua-Mililani-Waialua • Joey Furlett - Campbell-Kapolei • Shari Dela Cuadra - Pearl City-Waipahu • Lance Larsen - Nanakuli-Waianae • Anna Tsang - Castle-Kahuku • Colette Honda -Kailua-Kalaheo • Dee Sugihara - Hilo-Waiakea • Kate Tolentino - Kau-Keaau-Pahoa • Moana Hokoana - Honokaa-Kealakehe-Kohala-Konawaena • Lesley Alexander Castellanos - Baldwin-Kekaulike-Maui • Megan Moniz - Hana-Lahainaluna-Lanai-Molokai • David Dooley - Kapaa-Kauai-Waimea